Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-18 NG PEBRERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG *UMAGA*

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............ | PANG.PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............ | Kagawad |
| *Kgg. Mike Jomel M. Ombico* | ............ | *Kagawad – SK* |

Di-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............ | Kagawad |
| *Kgg. Angelito U. Limjuco* | ............ | *Kagawad – ABC* |

KAPASIYAHAN BLG. 066-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIPAT AT PAGLALAAN NG HALAGANG TATLUMPU'T SIYAM NA LIBO TATLONG DAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA PISO (P39,329.00) NA MAGMUMULA SA PONDO NG 'TERMINAL LEAVE" NI G. ROMEO A. RAMILO UPANG GAMITING KABAYARAN SA KANYANG 60 ARAW NA "LEAVE CREDITS".*

*SAPAGKA'T*, may pondong nakalaan sa Taunang Badyet 2004 na halagang P71,099.71 para sa Terminal Leave ni G. Romeo A. Ramilo;

*SAPAGKA'T*, may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan ng paglilipat at paglalaan ng halagang P39,329.00 magmula sa nabanggit na pondo ng Terminal Leave ni G. Romeo A. Ramilo upang magamit na kabayaran sa "monetization" ng kanyang *animnapung (60) araw na "leave credits";*

*SAPAGKA'T*, ang halagang P39,329.00 ay gagamitin ni G. Romeo A. Ramilo sa isang mahalagang pampamilyang pangangailangan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na *pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie. C. de Leon, Bernardo E. Ison at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay*

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang paglilipat at paglalaan ng halagang P39,329.00 na magmumula sa nakalaang pondo ng terminal leave ni G. Romeo A. Ramilo upang gamiting kabayaran sa kanyang 60 araw na leave credits.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, *lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

*PINAGTIBAY:*

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan